1

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kuwarter 1

Linggo 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 1**
**Kuwarter 1: Linggo 3**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:**
**Tagasuri:** Dr. CONCHITA YUMOL / EDUARDO M. AGUILAR
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ANDREW E. TAN**, AP Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagktuto* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *D. Mga Layunin* | Natatalakay ang pagkakaiba-iba ng bawat tao batay sa interes (paboritong alagang hayop, paboritong lugar, at paboritong laruan | Naipaliliwanag ang pagkaka iba-iba ng bawat tao batay sa interes (paboritong alagang hayop, paboritong lugar, paboritong laruan) | Naibibigay ang pagkaka iba-iba ng bawat tao batay sa mga kilos na kaniyang gawain (locomotor). | Naibibigay ang pagkaka iba- iba ng bawat tao batay sa mga kilos na kanyang gawain (di-locomotor). |
| *E. Disensyong Instruksyunal* | Context<br>Engage | Connection<br>Emphatize | Collaboration<br>Engage | Collaboration<br>Engage |
| *F. 21st Century Skills* | Interpersonal Skill | Critical Thinking | Teamwork<br>Non-verbal communication | Interpersonal Skill<br>Non-verbal communication |
| **II. NILAALAMAN/PAKSA** | Ang Bawat Tao ay Natatangi | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | HIRAYA MANAWARI<br><br>Youtube: (Knowledge Channel) | | Mag-exercise Tayo Tuwing Umaga, Musikantahan" Video - https://www.youtube.com/watch?v=BdX2OMwIrsg Ang Kambal | Mag-Unat ng Katawan, Streching Song Video - https://www.youtube.com/w atch ?v=K0EO4x9Qa8I |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | na sina Ding at Dong ni Mira V. Fulgencio (decodable reader).<br><br>[https://bloomlibrary.org/ABCPhilippines/ABCPhilippines Tagalog-Filipino](https://bloomlibrary.org/ABCPhilippines/ABCPhilippines) | Talata: Sa Paaralan<br><br>Ni Mary Anne S.Fuaso |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | 1. Maaaring iparinig at ipaawit sa mga bata ang unang saknong (STANZA) at unang CHORUS PART ng HIRAYA MANAWARI (MAY YOUR DREAMS COME TRUE) THEME SONG.<br><br>Hanapin ito sa Youtube: (Knowledge Channel)<br><br>Sa awiting ito **maipapakita ang mga bagay na pinapangarap ng mga bata o mga INTERES NG MGA BATA.** Maiuugnay ito sa Ibat ibang bagay na gustong gawin o mga bagay na ninanais ng mga tao/ bata.<br><br>Gusto kong liparin ang tayog ng Ulap<br>Gusto kong Sisirin ang ilalim ng Dagat<br>Gusto kong Akyatin ang tuktok ng Bundok | Bago magsimula ang klase ipakanta sa mga bata ang Hiraya Manawari Theme Song (Una saknong at Chorus).<br><br>Ginawa ba ninyo ang inyong takdang-aralin?<br><br>Babanggitin ang panuto sa gawain.<br><br>Magdikit sa kuwaderno ng inyong larawan na nagpapakita ng iyong interes o paboritong lugar, o alagang hayop. Isulat ang buong pangalan sa ibaba ng larawan.<br><br>Tatawag ang guro ng mga mag-aaral para | 1. Balik-aral: Pinoy Henyo (Clue: paboritong alagang hayop, paboritong lugar, paboritong laruan)<br><br>• aso<br>• pusa<br>• rabbit<br>• isda<br>• ibon<br>• parke<br>• simbahan<br>• mall<br>• paaralan<br>• manika<br>• lutu-lutuan<br>• kotse<br>• holen | 1. Balik-aral: (Aksyon Ko, Hulaan Mo)<br><br>Tatawag ang guro ng batang magpapahula. Bubunot siya sa kahon ng salitang<br><br>nakalagay sa papel (Clue: mga ginagawa at gawain ng tao na nagpapakita ng kilos lokomotor<br><br>• nagwawalis<br>• nagdidilig<br>• naglalaro<br>• tumatakbo<br>• nagpipintura<br>• at iba pa<br><br>2. Magpapakita ang guro ng video, "Mag-Unat ng<br><br>Katawan, Streching Song". Sasabayan ito ng mga bata. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Tuklasin ang hiwaga sa<br>Puso ko'y bumabalot<br>Hiraya manawari<br>Hiraya Manawari<br>Mga Pangarap Natin, Ating Abutin<br>Ang kapangyarihan nasa puso natin<br>Hiraya Manawari Ating Abutin<br><br>Maaring itanong ng guro: Bukod sa inyong pangarap, mayroon din ba kayong mga interes?<br><br>2. Ang guro ay magpapakita ng iba ibang larawan ng laruan, lugar, at mga alagang hayop. | ipakita sa klase ang ginawa.<br><br>Naging madali ba sa inyo ang gawain? Bakit? | • turumpo<br><br>2. Magpapakita ang guro ng video, "Mag-exercise Tayo Tuwing Umaga, Musikantahan". Sasabayan ito ng mga bata.<br><br>https://www.youtube.com/ watc h?v=BdX2OMwIrsg | https://www.youtube.com/ watch<br><br>?v=K0EO4x9Qa8I |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin. Natalakay ang pagkaka iba-iba ng bawat tao batay sa interes (paboritong alagang hayop, paboritong lugar, paboritong laruan) | Ipagpapatuloy natin ang ating pinag-aralan kahapon. Ang layunin ng ating aralin ay Naipaliliwanag ang pagkakaiba - iba ng bawat tao batay sa interes (paboritong alagang hayop, paboritong lugar, paboritong laruan) | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin.<br><br>Naibibigay ang pagkakaiba -iba ng bawat tao batay<br><br>sa mga kilos na kaniyang gawain (locomotor). | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin.<br><br>Naibibigay ang pagkaka iba -iba ng bawat tao batay a mga kilos na kaniyang gawain (di-lokomotor). |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto* | Balikan ang panimulang gawain.<br><br>Tatawag ang guro ng mga batang kukuha ng | Bibigyan ng pagkakataon ng guro na magkuwento ang mga bata tungkol | 1. Ipakikilala ng guro ang salitang lokomotor sa | 1. Ipakikilala ng guro ang salitang di-lokomotor sa pamamagitan ng |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *sa Aralin* | sumusunod: gusto niyang laruan, paboritong lugar, at alagang hayop<br><br>Sasabihin ng bata ang nakuhang larawan. (maaring magdagdag ng iba pang larawan na hindi kasama sa nakatala)<br><br>manika<br>aso<br>parke<br><br>(Asahang marami pang ibang sagot) | sa kanilang larawan.<br><br>Ipapabanggit sa mga bata ang mga paborito nila ayon sa kanilang larawan.<br><br>Isusulat ng guro ang mga salita na binanggit ng mga mag-aaral ayon sa paksa. | pamamagitan ng<br><br>pangungusap at pagbibigay ng halimbawa nito na ipinakita sa video.<br><br>Lokomotor – kilos na<br><br>umaalis sa puwesto o<br><br>kinatatayuan<br><br>Halimbawa:<br><br>Pag-jogging<br><br>Pag-tumbling<br><br>Pagtakbo | pangungusap at pagbibigay ng halimbawa nito na ipinakita sa video.<br><br>Di-Lokomotor – kilos na hindi umaalis sa puwesto o kinatatayuan<br><br>Halimbawa: pag-unat ng katawan |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br><br>*Pag-unawa/ Susing Ideya* | Gagamitin ng guro sa pangungusap ang mga salitang nabanggit ng bata gamit ang napiling larawan.<br><br>Paborito ko ang laruang manika.<br><br>Ako ay may alagang aso<br><br>Gusto kong maglaro sa parke.<br><br>Ipapaulit sa bata ang binanggit na mga pangungusap. | Ipababasa sa mga mag-aaral ang mga salita sa pisara. | Babasahin ng guro ang kuwentong “Ang Kambal na sina Ding at Dong ni Mira V. Fulgencio” (decodable reader).<br><br>https://bloomlibrary.org/ABCPhilippines/ABCPhilippines Filipino<br><br>Grade1/book/LHWsfRFakE<br><br> | Babasahin ng guro ang talata.<br><br>**Sa Paaralan**<br><br>Ni Mary Anne S. Fuaso<br><br>Ito si Ana.  Pagkatapos ng kaniyang klase ay<br><br>pumupunta siya sa paborito niyang lugar, sa silid-aklatan. Pagdating niya roon ay kumukuha agad siya ng aklat upang magbasa. Tumatabi siya sa mga batang tahimik na nakaupo at nagbabasa. Pagkatapos nito ay masaya niyang iginuhit ang nagustuhan niya sa aklat. |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ● Ano ang pangalan ng kambal sa kuwento?<br>● Ano ang kanilang ginawa?<br>● Kilos lokomotor ba ang pagtakbo at taguan? Bakit?<br>● Ano ang sinabi ng nanay nila pagkatapos maglaro? | Ito naman si Anton. Pagkatapos ng klase ay pumupunta rin siya sa kaniyang paboritong lugar, sa palaruan. Masayang masaya siyang naglalaro sa slide at swing. Nakikipaghabulan din siya sa mga bata roon.<br><br>Magkaiba man ang kanilang gustong gawin, pareho pa rin silang masaya sa paaralan.<br><br>• Ano ang paboritong lugar ni Ana?<br>• Ano ang ginagawa niya roon?<br>• Ano naman ang paboritong lugar ni Anton?<br>• Ano ang ginagawa niya roon? |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Paborito ang tawag sa mga bagay, tao o lugar na gusto natin.<br><br>Samantalang ang interes ay tumutukoy sa nais mong gawin na may kinalaman sa iyong kakayahan o mga paborito.<br><br>Pansinin ang paborito at interes ng mga batang babanggitin ko.<br><br>1. Mahilig maglaro ng | Bukod sa mga nabanggit nyong mga interes at paborito, ano pa maidadagdag nyo? Bakit?<br><br>Isusulat ng guro ang sagot ng mga bata gamit ang tsart<br><br>Ang aking paborito | Isusulat ng guro ang katangian nina Ding at Dong sa pamamagitan ng paggamit ng Venn Diagram.<br><br>● Ano ang madalas nilang gawin?<br>● Ano ang ginagawa ni Ding pagkatapos maglaro?<br>● Ano naman ang ginawa | Isusulat ng guro sa tsart ang sagot ng mga bata.<br><br><br> |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | bola si Dino.<br><br>2. Bahay-bahayan ang paboritong laro nina Mila at Luna.<br><br>3. Sasayaw si Emma sa palatuntunan.<br><br>4. Paboritong pagkain ni Leo ang pansit at puto.<br><br>5.Nagpaturo si Ador gumuhit at magpinta sa kanyang nakatatandang kapatid.<br><br>Ano ang napansin nyo sa mga paborito at interes ng mga bata?<br><br>Patunayang naiiba ang paborito at interes ng bawat bata sa binasa kong pangungusap. | Laruan<br><br>Pagkain<br><br>Damit<br><br><u>Lugar</u><br><br>Alagang <u>hayop</u><br><br>Maaring madagdagan ang aytem batay sa sagot ng bata. | ni Dong<br><br>pagkatapos maglaro?<br><br>● Ano ang nangyari kay Dong?<br><br>● Sino ang mas gusto ninyong tularan? Bakit?<br><br>● Ano ang masasabi ninyo sa gawain ng kambal?<br><br>● Ano ang parehong ginawa ng kambal?<br><br>● Ano naman ang gawain nilang magkaiba? | <br><br>Pareho ba ang ginagawa ng dalawang bata pagkatapos ng klase? Bakit? |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br><br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br><br>*Pag-unawa/ Susing Ideya* | Bakit magkakaiba ang paborito at interes ng bawat isa?<br><br>Ang pagkakaiba-iba ng ating paborito ay naiimpluwensiyahan ginagalawang kapaligiran, at hilig na gawin. Maaaring may kakayahang namana sa mga magulang, kaya't may interes kang gawain ang ibang bagay (pagsayaw, pag-awit, pagguhit, isports, atbp.). | Babasahin ang mga naisulat sa pisara.<br><br>Ano ang masasabi ninyo sa inyong mga paborito?<br><br>Posibleng sagot:<br>marami<br>magkatulad<br>magkaiba | 1. Tatanungin ng guro angmga ginagawa at gawain ng mga bata sa kanilang bahay.<br><br>● Ano-ano ang ginagawa ninyo sa bahay na nagpapakita ng kilos lokomotor?<br><br>2. Isusulat ito ng guro sa pisara.<br><br>3.Magkakapareho ba ang inyong gawain? Bakit? | ● Sinong bata ang nagpapakita ng kilos lokomotor?<br><br>● Sinong bata ang nagpakita ng kilos di- lokomotor?<br><br>● Bakit kaya magkaiba ang kanilang ginagawa?<br><br>● Ano pa ang mga ginagawa at gawain ninyo sa bahay at sa paaralan na nagpapakita ng kilos di-lokomotor? |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Magbibigay ng isang sitwasyon:<br><br>Nagkasabay ang magkaibigang Tessa at Liza papuntang kantina upang bumili ng pagkain. Biskuwit ang binili ni Tessa, samantalang tinapay naman ang kay Liza ito ang kanilang paboritong kainin tuwing rises.<br><br>Ayon kay Tessa siya ay sasali sa patimpalak sa pag-awit sa susunod na linggo. Tinanong niya si Liza kung gusto niyang sumali, umiling ito, sabay sabing mas gusto niyang magsanay ng swimming kapag Sabado. Nagpatuloy ang pagkukuwentuhan ng dalawa pabalik sa kanilang silid-aralan.Tungkol saan ang kuwentuhan ng magkaibigang Tessa at Liza?<br><br>Ano ang masasabi mo sa kanilang pinag usapan? | Bakit may mga interes at paborito kayo na magkakatulad | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Ang bawat tao ay magkakaiba dahil tayo ay nilikha ng Panginoon na bukod-tangi. Tulad ni Tessa at Liza, sila ay mula sa magkaibang klase ng | Sa kabuoan, ang ating mga interes at paborito ay marami at minsan ay | ● May pagkakaiba at pagakakatulad ang mga gawain ng bawat tao. Depende ito sa mga alituntunin na ipinasusunod ng | ● May pagkakaiba at pagakakatulad ang mga ginagawa at gawain ng bawat tao. Depende ito sa kanilang kagustuhan |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | magulang at pamilya. Mayroon ding silang magkaibang interes, paborito, at kakayahan. | maaaring maging magkakatulad ngunit kung minsan ay magkakaiba dulot ng mga pangyayari sa ating paligid.<br><br>Halimbawa, maliban sa paglalaro ng bola ay maaaring magkainteres kayo na makipaglaro ng habulan at taguan. Ang paborito ninyong pagkain ay maaari ding mabago. Iiwas kayo sa pagkain ng labis na kendi dahil alam ninyo na makakasira ito sa inyong mga ngipin. | pamilya. | at mga alituntunin na ipinasusunod sa pamilya.<br><br>● Maging masaya sa lahat ng gawain.<br><br>● Sundin ang mga gawain sa bahay at paaralan. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Iguhit ang masayang mukha kung ang larawan ay iyong paborito at malungkot na mukha kung hindi.<br>1. pag awit<br>2. manika<br>3. robot<br>4. alagang pusa<br>5. parke/ pasyalan | Iguhit sa loob ng puso ang inyong mga paborito.<br> | Draw and Tell:<br><br>Iguhit sa papel ang iyong mga gawain. | Kulayan ang larawan na nagpapakita ng gawain ng tao na nagsasaad ng kilos di-lokomotor.<br><br>Source:<br>https://clipartlibrary.com |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | /clipart/1217167.htm  Source: https:/ /clipart library.com/clipart/1593206.htm |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Magdikit sa kuwaderno ng iyong larawan na nagpapakita ng iyong interes o paboritong bagay, lugar, o alagang hayop. Isulat ang buong pangalan sa ibaba ng larawan.<br>Dalhin ang ginawa bukas. | | Ipapakita ng mga bata ang kanilang iginuhit at ipapaliwanag ito. | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph